

Maging handa para sa hindi inaasahang pangyayari.

Boluntaryong Insurance para sa Aksidenteng Pagkamatay at Pagkakaputol ng Bahagi ng Katawan na Binabayaran ng Empleyado mula sa New York Life Group Benefit Solutions.



Isaalang-alang ang mga epekto ng isang matinding pinsala sa iyong kakayahang magtrabaho o magkompleto ng mga pang-araw-araw na gawain. Magiging handa ba ang iyong pamilya kung kailangan mo ng patuloy na pangangalaga, rehabilitasyon o kung ikaw ay pumanaw bilang resulta ng isang matinding pinsala?

Ang insurance sa aksidenteng pagkamatay at pagkakaputol ng bahagi ng katawan (AD&D) mula sa New York Life Group Benefit Solutions (NYL GBS) ay puwedeng makatulong sa pagbibigay sa iyo at sa iyong pamilya ng pinansiyal na seguridad at kapayapaan ng isip sa panahong maaaring pinakakailangan mo ito.

Empleyado

- › Mga halaga ng benepisyo na makukuha sa mga yunit na \$10,000
- › Minimum na halaga ng benepisyo na \$10,000
- › Maximum na halaga ng benepisyo na \$500,000

Asawa/Kinakasama[†]

- › Mga halaga ng benepisyo na makukuha sa mga yunit na \$5,000
- › Minimum na halaga ng benepisyo na \$5,000
- › Maximum na halaga ng benepisyo na \$250,000*

* Hindi lalampas sa 100% ng benepisyo ng empleyado.

Mga Bata

- › Mga halaga ng benepisyo na makukuha sa mga yunit na \$10,000
- › Maximun na halaga ng benepisyo na \$10,000

Insurance para sa AD&D na Boluntaryong Binabayaran ng Empleyado

Nagbibigay ng proteksyon kapag nangyari ang mga hindi inaasahang aksidente na nakamamatay o pagkakaputol ng bahagi ng katawan

Mga halimbawa ng mga saklaw na pinsala:

- › Pagkamatay
- › Pagkaparalisa
- › Pagkawala ng (mga) paa
- › Pagkawala ng Paningin
- › Pagkawala ng Pandinig
- › Pagkawala ng Pananalita

Iskedyul sa pagbawas ng benepisyo: Kung nagtatrabaho ka pa rin, bababa ang iyong mga benepisyo sa 65 % sa edad na 65, 50 % sa edad na 70, at 30 % sa edad na 75. Mababawasan din ang iyong mga premium para maging katumbas nito ang iyong mga benepisyo.

Anong mga programa ang maaari akong maging kwalipikado?

Maaaring kabilang sa iyong insurance para sa AD&D na boluntaryong binabayaran ng empleyado ang access sa isang hanay ng mga programa¹ at serbisyo, na makukuha sa iyong unang araw ng coverage.

Suporta sa Ari-arian²

Online na tool para tumulong sa pagsusulat ng mga habilin at habilin ng buhay. Tumutulong na alisin ang mga hadlang sa pagpapalano ng ari-arian.

Tumawag sa (800) 344-9752 o bumisita online sa:
guidanceresources.com; Web ID: NYLGBS

Espesyalista sa Suporta para sa Survivor

Agaran at patuloy na suporta para sa mga nawalan ng mahal sa buhay.

Mangyaring isaalang-alang ang mga mapagkukunan na maaaring ibigay ng iyong Espesyalista sa Suporta para sa Survivor ng NYL GBS. Kung handa ka na, available ang Espesyalista sa Suporta para sa Survivor nang 6:00 a.m. - 2:00 p.m. PT, Lunes - Biyernes sa (888) 842-4462, ext. 1013382

Katiyakan sa Survivor⁴

Isang libre at may interes na checking account para sa mga pagbabayad ng claim na \$5,000 o higit pa. Tumawag sa (800) 570-3778 o bisitahin ang:

<http://www.nylgbssurvivorassurance.com>

Ligtas na Paglalakbay³

Samantalain ang isang pandaigdigang programa sa tulong sa paglalakbay kabilang ang pagpapalano bago ang biyahe, tulong habang naglalakbay at pang-emergency na suporta para sa mga biyaheng higit sa 100 milya mula sa bahay.

Available nang 24/7 ang live at may maramihang wika na serbisyo sa customer, nasaan ka man sa mundo.

Walang limitasyong halaga para sa medikal na paglisan/pagbabalik sa bansa para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan na pinag-ugnay sa pamamagitan ng programa.

Tumawag sa (347) 708-1824 anumang araw o oras.

Para sa higit pang impormasyon sa mahahalagang serbisyong ito, bisitahin ang:

<https://www.newyorlife.com/group-benefit-solutions/san-francisco-health-service-system> at piliin ang tab ng

Mahahalagang Programa.

Paano ito gumagana?

- › Pagkatapos mong pumili ng halaga ng coverage at mag-enroll sa Insurance para sa AD&D na Boluntaryong Binabayaran ng Empleyado mula sa New York Life Group Benefit Solutions, babayaran mo ang pinili mong halaga ng coverage sa pamamagitan ng madaling pagbabawas sa suweldo.
- › Sa sandaling naka-enroll na, kung ikaw o ang isang saklaw na kapamilya ay malubhang nasugatan o pumanaw mula sa isang saklaw na aksidente, makatatanggap ka o ang iyong mga benepisyaryo ng nakatakdang halaga.
- › Gayunpaman, hindi dapat maging kapalit ang coverage na ito para sa insurance sa buhay o pangunahing insurance sa medikal dahil nagbibigay lamang ito ng coverage para sa isang aksidente.
- › Depende kung gaano kalubha ang isang pinsala, maaaring magbayad ang plano sa porsyento ng kabuuang benepisyo para sa isang saklaw na aksidente na hindi humantong sa pagkawala ng buhay.

Makipag-ugnayan sa Workterra para suriin ang buod ng mga benepisyo ng Insurance para sa AD&D na Boluntaryong Binabayaran ng Empleyado at mga dokumento ng patakaran para matuto pa tungkol sa mga detalye ng plano, pagbubukod at limitasyon.

O para sa higit pang impormasyon, tumawag sa (888) 604-3771 para makipag-usap sa Workterra / bumisita sa <https://sfhss.org/voluntary-benefits>

[†] Tinutukoy sa panggrupong patakaran ang Kinakasama. Para sa mga layunin ng brochure na ito, saanman lalabas ang salitang Asawa, isasama rin nito ang Kinakasamang nakarehistro sa ilalim ng anumang batas na legal na kumikilala sa mga domestikong pagsasama o sibil na pagsasama. Available ang karagdagang impormasyon mula sa iyong kinatawan para sa mga serbisyo sa benepisyo.

¹ HINDI insurance ang mga programang ito at hindi nagbibigay ng pag-reimburse para sa mga pagkalugi sa pananalapi. Maaaring malapat ang ilang mga paghihigpit. Ang ilan sa mga programang ito ay hindi magagamit para sa mga patakarang inisyu ng New York Life Group Insurance Company ng NY. Ibinibigay ang mga programa sa pamamagitan ng mga vendor na ikatlong partido na tanging responsable para sa kanilang mga produkto at serbisyo. Ang buong tuntunin, kondisyon, at pagbubukod ay nakapaloob sa naaangkop na paglalarawan ng programa ng kliyente at maaaring magbago. Maaaring mag-iba ang pagiging available ng programa ayon sa uri at lokasyon ng plano at hindi available kung saan ipinagbabawal ito ng batas.

² Para sa mga kwalipikadong kalahok. HINDI insurance ang mga programang ito at hindi nagbibigay ng pag-reimburse para sa mga pagkalugi sa pananalapi. Maaaring malapat ang ilang mga paghihigpit. Kinakailangang bayaran ng mga customer ang buong may diskwentong singil para sa anumang may diskwentong produkto o serbisyo na makukuha sa pamamagitan ng mga programang ito. Available ang ilang mga serbisyo sa opsyon ng employer para sa karagdagang gastos. Ibinibigay ang mga programa sa pamamagitan ng mga vendor na ikatlong partido na tanging responsable para sa kanilang mga produkto at serbisyo. Ang buong tuntunin, kondisyon, at pagbubukod ay nakapaloob sa naaangkop na paglalarawan ng programa ng kliyente at maaaring magbago. Maaaring mag-iba ang pagiging available ng programa ayon sa uri at lokasyon ng plano at hindi available kung saan ipinagbabawal ito ng batas. Hindi available ang ilan sa mga programang ito sa ilalim ng mga patakarang ibinigay ng New York Life Group Insurance Company of NY. Ang mga serbisyo ay eksklusibong ibinibigay ng ComPsych®. Ang ComPsych ay ang tanging responsable para sa mga serbisyo nito at hindi kaakibat ng New York Life Insurance Company o alinman sa mga kaakibat nito.

³ Ibinibigay ang NYL GBS Secure Travel sa ilalim ng kontrata sa Garda World Security Corporation at subsidiary nito, ang Crisis24, Inc. (sama-samang tinatawag na "Crisis24"). Hindi ginagarantiya ng Crisis24 o ng New York Life Group Benefit Solutions ang kalidad ng anumang provider ng mga medikal na serbisyo o medikal na pasilidad. Ang panghuling pagpili ng lokal na medikal na provider o pasilidad ay karapatan at responsibilidad ng saklaw na tao. Tanging responsable ang mga medikal na propesyonal o abogadong iminumungkahi o itinatalaga ng Crisis24 sa kanilang mga serbisyo. Hindi sila empleyado o ahente ng Crisis24 o New York Life Group Benefit Solutions. Ang mga benepisyo sa pang-emergency na paglikas at pagpapauwi pabalik sa bansa ay naka-insure sa Life Insurance Company of North America at New York Life Group Insurance Company of NY, na mga subsidiary ng New York Life Insurance Company. (Mga Form ng Patakaran: GA-00-1000 at iba pa.; BA-01-1000 at iba pa.) Dapat isaayos ng Crisis24 ang mga serbisyo sa medikal na paglikas at pagpapauwi pabalik sa bansa at dapat tumawag ang mga customer sa Crisis24 para ma-access ang mga benepisyo at serbisyo ng programa. Ang lahat ng iba pang serbisyo ay ibinibigay ng Crisis24 at napapailalim sa mga tuntunin ng kasunduan sa serbisyo. Ipinapakita rito ang mga tampok ng programa na NYL GBS Secure Travel. Tingnan ang mga dokumento ng plano para sa mga detalye.

⁴ Ang Programang Katiyakan sa Survivor para sa mga benepisyaryo ay available sa mga benepisyaryong tumatanggap ng mga tseke ng coverage na higit sa \$5,000 mula sa mga programa ng New York Life Group Benefit Solutions Life at Aksidenteng Pagkamatay at Pagkaputol ng Bahagi ng Katawan. Ang mga account ng Katiyakan sa Survivor ay hindi mga programa ng account sa pagdeposito at hindi naka-insure sa Federal Deposit Insurance Corporation o anumang iba pang pederal na ahensya. Ang mga balanse sa account ay pananagutan ng kompanya ng insurance at may karapatan ang kompanya ng insurance na bawasan ang mga balanse sa account para sa anumang pagbabayad na ginawa sa pagkakamali. Ang mga programa sa pagpapayo, legal o tulong sa pananalapi at diskwento ay hindi available para sa mga patakarang ibinigay ng New York Life Group Insurance Company ng NY.

Ibinibigay ang mga produkto at serbisyo ng New York Life Group Benefit Solutions ng Life Insurance Company ng North America, New York Life Insurance at Annuity Corporation at New York Life Group Insurance Company ng NY, at mga subsidiary ng New York Life Insurance Company. Hindi pinapahintulutan sa NY at hindi nagsasagawa ng negosyo sa NY ang Life Insurance Company ng North America. Hindi pinapahintulutan sa NY at hindi nagsasagawa ng negosyo sa NY ang Life Insurance Company ng North America. Mga form ng patakaran: Aksidente- (GBS-AI-1000.00) at iba pa;

New York Life Insurance Company, 51 Madison Avenue, New York, NY 10010

© 2025, New York Life Insurance Company. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang NEW YORK LIFE, at ang Box Logo ng NEW YORK LIFE ay mga trademark ng New York Life Insurance Company.

124600 1025 SMRU 8529802.1 Exp. 10.23.2028